# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Santa Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG INAUGURAL SESSION NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG HULYO 01, 2025, MARTES, IKA-10:24 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
RELEASED
NAME
DATE JUL 04 2025
TIME
STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE
RECORDED
By:
Date: 03 JUL 2025
Santa Cruz, Laguna

DUMALO.

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jericho V. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

**KAPASIYAHAN BLG. 116- T2025**

**KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY KARAPATAN SA KAGALANG-GALANG PUNONG BAYAN JOSEPH KRIS BENJAMIN B. AGARAO NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN SA PAGLAGDA NG MGA DOKUMENTO O PAPELES NA MAY KINALAMAN SA PAGLALAGAK AT PAGLALABAS NG PANANALAPI NG BAYAN SA LAND BANK OF THE PHILIPPINES (LBP), SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT,** may mga pananagutan at gastusin na kailangang mabayaran ang Pamahalaang Bayan na nauukol sa pamamahala at pagpapatakbo ng pamahalaan upang makatugon sa serbisyong kailangan ng bayan;

**SAPAGKAT**, upang matiyak ang mga layuning pangkalahatang kagalingan ng pamahalaang bayan ay kinakailangang pagkalooban ng kapangyarihan ang Punong Ehekutibo sa paglagda ng mga dokumento at papeles na may kinalaman sa paglalagak at paglalabas ng pananalapi ng bayan.

**SAPAGKAT,** ang Kagalang-galang Joseph Kris Benjamin B. Agarao ang bagong halal na Punong Bayan ng Santa Cruz na itinalaga noong Hulyo 01, 2025.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw, na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., Kgg. Jericho V. Asinas, Kgg. Roselon F. Pamatmat, Kgg. Mark Anthony M. Juangco, Kgg. Lea A. Almarvez at Kgg. Laura P. Obligacion at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Bigyang-karapatan ang Kagalang-galang Punong Bayan Joseph Kris Benjamin B. Agarao na katawanin ang Pamahalaang Bayan sa paglagda sa mga dokumento o papeles na may kinalaman sa paglalagak at paglalabas ng pananalapi ng bayan sa Land Bank of the Philippines, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan Joseph Kris Benjamin B. Agarao, Pambayang Administrador, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Land Bank of the Philippines, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Hulyo 01, 2025**
**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Records Officer III /
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:
**KGG. JOSEPH KRIS BENJAMIN B. AGARAO**
Punong Bayan

LAM/CEL 25